# Balitang Manmin

BILANG 147  ENERO 3, 2016




# Mensahe ng Punong Pastor para sa Bagong Taon 2016

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, pasalamatan at luwalhatiin natin ang Diyos na Siyang nagtatag ng Manmin Central Church. Pinapatnubayan Niya ang iglesyang ito dahil hinahangad Niyang magkaroon ng mga tunay na anak na pwede Niyang ibigin magpakailanman.

Noong taong 2015, ika-33 taon ng iglesya, ibinigay sa atin ng Diyos ang apat na tema ng panalangin: "Kaluwalhatian, Mga Bunga, Magandang Santuwaryo, at Kapangyarihang Muling-Paglikha." Biniyayaan Niya tayo para umani ng perpektong bunga bilang pagtupad ng katarungan sa pamamagitan ng malaking pagsasakripisyo. Higit sa lahat, ngayong makahulugang Araw ng Pasko, binago ng napakaraming mananampalataya ang malayang kalooban nila, nakipag-isa sila sa pastol. Inihahanda na sila para mamunga ng masagana sa pangatlong yugto ng muling pagsisimula, pagkatapos, susulong sila sa yakap ng Panginoon sa Kanyang muling pagbabalik. Hallelujah!

Pag-usapan natin ngayon ang mga tema ng panalangin para sa taong 2016 na ibibigay ng Diyos sa mga miyembro ng iglesya.

Una, "Ang Iglesyang Minamahal ng Diyos' ay puno ng mga miyembrong nagbunga ng Liwanag.

Mababasa sa Efeso 5:9, "...sapagkat ang bunga ng liwanag ay nasa lahat ng mabuti, matuwid, at katotohanan." Ang iglesyang minamahal ng Diyos na Siyang Liwanag ay puno ng mga anak na nagbubunga ng Liwanag. Dahil sa pagsasakripisyo ng pastol, nagbago ang mga miyembro ng Manmin ayon sa kalooban ng Diyos. Pinagsisikapan nilang matularan ang kalooban ng Panginoon na Siyang Liwanag. Para magbunga ng ganap na Liwanag, dapat ninyong gawin ang lahat ng mabuti, matuwid, at katotohanan.

Para magbunga ng lahat ng mabuti, dapat kayong mapoot sa lahat ng klase ng kasamaan, iwaksi ninyo ito. Pero hindi pa ito sapat; kailangan ninyong isabuhay ang kabutihan at magsakripisyo. Para magbunga ng katuwiran, sundin ninyo ang Salita sa Biblia habang nagtitiwala sa Diyos ng may espirituwal na pananampalataya. Ang bunga ng katotohanan ay walang kasinungalingan at pabagu-bagong isipan. Magbubunga kayo ng katotohanan kung hindi kayo magbabago sa paggawa ng kabutihan at katuwiran na pinili ninyong gawin ayon sa malayang kalooban.

Pangalawa, 'Ang Iglesyang Gumagabay sa Lahat ng Tao Mula sa Lahat ng Bansa Patungo sa Kaligtasan', naiintindihan ang kalooban ng Diyos.

Sinasabi ng 1 Kay Timoteo 2:4, "[Ang Diyos] na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan." Nais ng Diyos ng Pag-ibig na maligtas ang lahat ng tao sa buong mundo, makapasok sa walang hanggang Langit, matularan ang kalooban ng Panginoon, at maging mga tunay na anak ng Diyos na nagliliwanag tulad ng araw sa pinakamagandang tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem.

Sa panahon ng anihan, inihihiwalay ng magsasaka ang ipa sa trigo, iipunin niya ang trigo at ilalagay sa kamalig. Tulad nito, pinangalagaan ng Diyos ang sangkatauhan dito sa mundo sa loob ng mahabang panahon para madala ang mga anak na tulad ng trigo sa Langit. Ang mga mananampalatayang tulad ng ipa ay hindi maliligtas. Sa papadating na pagwawakas ng panahon kung saan laganap ang mga kasalanan at kasamaan, nais ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao sa buong mundo. Ito ang dahilan kung bakit itinatag Niya ang iglesyang ito. Nais Niyang maging mga mananampalatayang tulad ng trigo ang mga miyembro dito.

Dahil sa espesyal na kalooban ng Diyos, itinatag ang iglesyang ito. Hindi ako huminto sa pananalangin at paggawa para sa kaligtasan ng mga kaluluwa magmula ng itatag ang iglesya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magdala din kayo ng maraming kaluluwa patungo sa kaligtasan ayon sa lubos na pakikipag-isa at pagtitiwala ninyo sa pastol.

Pangatlo, 'Ang Iglesyang Puspos ng Kaluwalhatian ng Diyos' dahil sa mga banal na anak.

Sinasabi ng Mga Awit 37:6, "Ang iyong pagiging walang-sala ay pakikinangin Niyang gaya ng liwanag, at ang iyong pagiging matuwid na gaya ng katanghaliang-tapat." Karapat-dapat luwalhatiin ang Diyos, naluluwalhati Siya kapag nananalig sa Kanya ang minamahal Niyang mga anak. Binabayaran Niya ito ng malalaking pagpapala. Habang dumarami ang mga espirituwal at banal, mas magliliwanag ang kaluwalhatian sa iglesyang ito. At sa kasaysayan ng Manmin na nagpahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ay magsisimulang magtayo ng Santuwaryo ng Canaan at ng Pinakamalaking Santuwaryo.

Tatlongpu't tatlong taon na itong pinaghahandaan ng Manmin, lalong-lalo na sa nakaraang limang taon, nakatuntong na sa bato ng pananampalataya ang mga miyembro ng iglesya, naging espirituwal na sila at banal. Umaasa ako na magiging maalab at matibay ang desisyon ninyo ngayon na magkaroon ng malaking bahagi sa panahon ng Pinakamalaking Santuwaryo.

Ang pang-apat na tema ay 'Ang Iglesyang Walang Katapusan ang Kapangyarihan', tutuparin nito ang kalooban ng Diyos.

Mababasa sa Mga Awit 62:11, "Ang Diyos ay nagsalitang minsan, dalawang ulit kong narinig ito; na ang kapangyarihan ay sa Diyos." Walang hanggan ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan. Ipapakita ito ng iglesyang ito.

Ito ay may kinalaman sa pagkilos na ipapakita sa pamamagitan ng 100% ganap na kapangyarihang muling-paglikha sa ikatlong yugto ng bagong simulain. Sa kapangyarihang ito, hindi natin mabibilang ang magiging bunga natin. Tinulungan ako ng Diyos na makamit ang perpektong kapangyarihang muling-paglikha, inihanda na Niya agad ang pagpapalang pinansyal. Pinatnubayan Niya ang ating mga pastor, manggagawa, at mga miyembro para makasabay sa daloy ng buong espiritu at pabilisin ang paglago ng kanilang mga espiritu.

Ang kahulugan ng 'Manmin' ay lahat ng tao sa lahat ng bansa, kaya sa pangatlong yugto ng bagong simulain, magdadala tayo ng maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng iba't ibang paraan at estratehiya. Habang may tubig ang karagatan, magpapakita tayo ng walang katapusang kapangyarihan para punuin ang buong mundo ng kaluwalhatian ng Diyos.

Para sa 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa buong mundo, sa mga pastor, at mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa taong 2016 tuparin nawa ninyo ang tungkulin bilang ilaw at asin saan man kayo pumunta, ilabas ninyo ang mabangong samyo ni Cristo, magbunga ng perpektong bunga ng Liwanag, at magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu (3)

# Kapayapaan

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

Kung tunay tayong nagtitiwala at nagmamahal sa Diyos, dapat pinapanatili nating mapayapa ang pakikitungo natin sa ating asawa, magulang, mga anak, mga kapatid, at iba pang tao kahit ano pa ang mangyari. Pag-aralan natin kung paano natin ibubunga ang isa pang bunga ng Banal na Espiritu, ang kapayapaan.

### 1. Dapat mayroon tayong kapayapaan sa Diyos

Hindi dapat magkaroon ng hadlang sa pagitan natin at ng Diyos, ito ang pinakamahalagang bagay para maging mapayapa tayo sa harapan Niya. Nang kumain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, natakot siyang humarap sa Diyos, tinangka niyang magtago. Ibig sabihin, nawasak ang kapayapaan sa pagitan nilang dalawa. Bago siya magkasala, malapit ang relasyon sa Diyos, pero nang magkasala siya, lumayo na siya sa Kanya.

Kapag kumikilos tayo ayon sa katotohanan, mapayapa tayo sa harapan ng Diyos, malakas ang loob natin. Para magkaroon ng perpektong kapayapaan, iwaksi natin ang lahat ng humahadlang na kasalanan, magpakabanal tayo. Pero kahit hindi pa tayo perpekto, mapayapa pa rin tayong makakaharap sa Diyos kung pinagsisikapan nating isabuhay ang katotohanan ayon sa sukat ng ating pananampalataya. Gawin natin ang lahat ng bagay ayon sa katotohanan para manatili tayong mapayapa sa harapan ng Diyos.

Halimbawa, paano kung yuyukod tayo sa harapan ng mga diyus-diyosan o hindi tayo susunod sa Araw ng Panginoon para maging mapayapa ang relasyon natin sa mga miyembro ng pamilya na hindi mananampalataya? Parang mapayapa ang kalooban ninyo, pero panandalian lang ito. Nasira ang mapayapang relasyon ng espiritu ninyo sa Diyos dahil naglagay kayo ng pader ng kasalanan sa harapan Niya. Magiging dahilan ang pader na ito ng mga pagsubok, hindi tayo magkakaroon ng tunay na kapayapaan maging sa mga kapamilya natin.

Para magkaroon ng mapayapang relasyon sa mga tao, bigyan muna natin ng kaluguran ang Diyos (Mga Kawikaan 16:7). Siyempre, may mga taong masama, palaging nakikipag-away kahit nagsisikap tayong maging mapayapa sa pakikitungo natin sa kanila. Pero kung pakikisamahan natin sila ayon sa katotohanan, kikilos ang Diyos para sa atin.

### 2. Dapat mayroon tayong kapayapaan sa sarili

Para maging mapayapa ang kalooban natin, iwaksi natin ang kasamaan at magpakabanal. Guguluhin tayo ng mga natitirang kasamaan sa puso natin, depende sa mga pangyayari. Nakakahiya kung lalabas mula sa puso natin ang galit, poot, inggit, selos, at iba pang negatibong damdamin! At kapag naglaban ang katotohanan at kasinungalingan na nasa puso natin, mas mahihirapan pa tayo. Magkakaroon tayo ng mapayapang kalooban kung magiging matatag ang desisyon natin at mananalangin ng maalab para piliin ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon.

May mga nagsasabing pinagsisikapan nilang mapanatili ang mapayapang relasyon sa Diyos, kumikilos sila ayon sa katotohanan, pero hindi mapayapa ang puso nila. Ito ay dahil sa pagmamalinis at maling pananaw tungkol sa katotohanan. Tulad ni Job, sinisikap nilang sumunod sa Salita, ipinapanalangin nila ito, pero dahil kulang ang pagmamahal nila sa Diyos, hindi nila magagawa ito.

Ginagawa nila ito dahil natatakot sila sa magiging kaparusahan kung hindi sila mabubuhay ayon sa katotohanan. Kung hindi naman nila magawa ito, magkakaroon sila ng malaking kalungkutan at takot sa tatanggaping parusa. Kaya kahit masigasig silang kumilos ayon sa katotohanan, mabigat ang damdamin nila at hindi lumalago ang pananampalataya nila. Tatamasa sila ng tunay na kapayapaan kung matatanto nila ang pag-ibig ng Diyos.

Hindi mapayapa ang kalooban ng ibang tao dahil may takot at negatibo ang saloobin nila. Nagsisikap silang kumilos ayon sa katotohanan, pero kung hindi nila makukuha ang resultang inaasahan nila, sisisihin nila ang sarili, magdurusa ang kalooban nila. Dapat lumago ang espiritu ng mga taong tulad nito.

Maaaring pinaparusahan sila ayon sa katarungan, o kaya, tinuturuan silang magpakumbaba. Gayon pa man, kapag nakakatiyak ang isang tao sa pag-ibig ng Diyos para sa kanya, tatanggapin niya ng may kagalakan at maluwag sa kalooban ang parusa. Nakakatiyak tayo sa paniniwalang iniibig tayo ng Diyos at gagawin Niya tayong perpekto, at kahit hindi pa natin nararating ang puntong iyon, magsisikap tayo.

Pagtitiwalaan natin ang Diyos na itataas tayo kung magpapakumbaba tayo sa harapan Niya. Huwag tayong matakot o maghangad ng papuri mula sa ibang tao. Sa halip, ipunin natin ang mga gawang ayon sa katotohanan na may tapat na kalooban. Sa paraang ito mapapayapa ang kalooban natin at magiging matapang ang espiritu natin.

### 3. Dapat maging mapayapa ang pakikitungo natin sa lahat ng tao

Para maging mapayapa ang relasyon natin sa lahat ng tao, dapat nating matutuhang magsakripisyo. Para magkaroon ng kapayapaan, kumilos tayo ng tama, huwag tayong magyabang. Magpakumbaba tayo at itaas ang iba. Hindi tama ang pagtatangi, at kung may pagpipilian, piliin natin ang nasa katotohanan. Ibukas natin ang isipan natin ayon sa sukat ng ating pananampalataya, pakinggan natin ang opinyon ng ibang tao.

Kahit mas mabuti o mas tama ang opinyon natin, sundin natin ang opinyon ng iba, maliban na lang kung masama ang sinasabi nila. Para magkaroon ng ganitong klaseng kapayapaan, magsakripisyo tayo para sa ibang tao, kahit isakripisyo pa natin ang buhay natin.

Para maging mapayapa ang relasyon natin sa lahat ng tao, huwag nating ipilit ang sariling kagustuhan at huwag tayong magmalinis. Magkakaiba ang pagkatao ng bawat isa. Magkakaiba ang edukasyon at sukat ng pananampalataya, kaya magkakaiba din ang pamantayan sa paghatol kung ano ang tama o mali, mabuti at masama. Kung magkaiba ang paraan ng mag-asawa sa isang bagay tulad ng paglilinis, hindi sila mapapayapa. Magkakaroon lang ng kapayapaan kapag isasaalang-alang natin ang opinyon ng ibang tao at maglilingkod sa isa't isa. Huwag isipin ang sariling pananaw.

Hindi sisirain ng mga taong mapayapa sa harapan ng Diyos at sarili ang mapayapang pakikitungo nila sa ibang tao. Hindi sila makikipag-away kahit kanino dahil naiwaksi na nila ang kanilang kasakiman, kayabangan, pagmamataas, pagmamalinis at pagiging makasarili. Kahit nanggugulo ang masasamang tao, isasakripisyo ng mga taong tulad nito ang sarili para makipagkasundo.

Sa proseso ng pagtupad ng kapayapaan, may dalawang bagay tayong maiintindihan. Kung minsan, may ginagawa tayo na nagiging dahilan para awayin tayo, pero hindi natin napapansin ito. Dahil sa mga walang konsiderasyong salita at pagkilos, nakakasakit kayo ng damdamin pero hindi ninyo nalalaman. Ang isa pang bagay na dapat ninyong isipin ay sa puso nagsisimula ang tunay na kapayapaan.

Halimbawa, kung hindi kayo pinaglingkuran o pinahalagahan ng ibang tao, sumasama ang loob ninyo, pero nananahimik lang kayo. Ipinapahayag ninyo sa ibang paraan ang damdamin ninyong parang inuusig. Tumatahimik na lang kayo dahil natatakot kayong makipag-away kung makikipagtalo pa kayo. Hindi na lang ninyo kakausapin ang taong ito, iniisip ninyo, "Masama siya, mapilit, ayaw kong makipag-usap sa kanya."

Kung titingnan, hindi nasira ang kapayapaan, pero hindi mapalagay ang pakiramdam ninyo sa taong iyon. Ayaw ninyong sumang-ayon sa mga opinyon niya, ayaw din ninyong makasama siya. Malamang magreklamo kayo, sabihin sa ibang tao ang mga pagkukulang niya. Parehong mali ang pagwasak ng kapayapaan, ipinapahayag man o patago.

Para magkaroon ng tunay na kapayapaan, maglingkod kayo sa kapwa ng buong puso. Huwag ninyo itong hadlangan at huwag ninyong hintayin na kayo ang paglingkuran. Dapat maging bukas sa kalooban ninyo ang paglilingkod at paghahanap ng mga bagay para sa kapakanan ng ibang tao. Kung ganito ang gagawin ninyo, kikilos ang Banal na Espiritu. Maaantig ang puso ng mga tao, magbabago sila.

May kapangyarihang magtaboy ng kadiliman ang mga taong mapayapa sa harapan ng Diyos, sa sarili, at sa lahat ng tao. Nakasulat sa Mateo 5:9, "Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos," nasa kanila ang kapangyarihan ng mga anak ng Diyos, ang kapangyarihan ng Liwanag.

Halimbawa, kung kayo ay lider ng iglesya, pwede ninyong tulungan ang mga mananampalataya na magbunga ng kapayapaan. Ibig sabihin, pwede ninyong ituro sa kanila ang salita ng katotohanan, may awtoridad kayo at kapangyarihan. Lalayuan nila ang mga kasalanan nila, at iwawaksi ang pagmamalinis at pagkamakasarili. Kapag nagbuo ng mga sinagoga ni Satanas na nagiging dahilan ng paglayo ng mga miyembro sa isa't isa, pwede ninyong gibain ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salita. Magdadala kayo ng kapayapaan sa mga taong ito.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, isinakripisyo ni Jesus ang sarili, namatay Siya tulad ng butil ng trigo at pagkatapos nagkaroon ng maraming bunga (Juan 12:24). Pwedeng magdala ng maraming kaluluwa sa paanan ng Diyos ang kahit na sinong tao kung tutularan nila si Jesus, magsasakripisyo, at maglilingkod tulad ng ginawa Niya.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kayo, bilang mga anak na tumanggap ng Banal na Espiritu, ay magbunga ng perpektong bunga ng kapayapaan, magkaroon ng espirituwal na kapangyarihan dito sa mundo, at maging mahalagang mga tao sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Mga Nakaranas ng Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos

Kapag nabubuhay kayo ayon sa Salita ng Diyos, tatanggapin ninyo ang kasagutan sa kahit na anong kahilingan ninyo, gagaling kayo mula sa mga karamdamang hindi gumagaling at nakakamatay nang hindi ipinapagamot sa ospital, makakalaya kayo mula sa mga sakit at kahinaan. Poprotektahan kayo ng pag-ibig ng Diyos mula sa kahit na anong karamdaman, aksidente, at kapahamakan.

## "Mas Masaya na Ako Ngayon Magmula nang Maibalik ang Pandinig Ko"

Sampung taon na ang problema ko sa kanang tainga. Sinabi ng doktor na 40% na ng pandinig ko ang nasira. Kadalasan, hindi ko naiintindihan kung ano ang sinasabi ng ibang tao. Nabalitaan at napanood ko ang paggaling ng maraming miyembro mula sa karamdaman sa retreat sa tag-init ng Manmin. Gusto kong dumalo doon para gumaling.

Noong Marso 2015, habang nasa Pagsamba sa Linggo ng Umaga, pinakinggan ko ang sermon na "Buong Ikapu at Tamang Kaloob." Naalala kong hindi pa ako nagbibigay ng ikapu mula sa inutang ko para sa bahay. Kaya nagbigay ako agad ng 2,000 euro. Isinusubi ko sana ito para makabisita ako sa South Korea sa retreat sa tag-init. Nagdesisyon akong ibigay ang natitirang halaga kapag nakuha ko ang naipon ko sa susunod na taon.

Noong Agosto 2015, pumunta ako sa Korea para dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2015. Sa wakas, nakaranas ako ng kamangha-manghang kapangyarihan! Sa unang gabi, habang tinatanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit, naranasan ko ang apoy ng Banal na Espiritu sa tainga at tiyan ko ng ilang beses. Pagkatapos, nakarinig na ako. Hallelujah!

Naririnig ko na ang sinasabi ng mga tao, pwede na akong makinig ng musika. Masayang-masaya ako dahil wala na akong problema sa buhay ko sa araw-araw. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin.



Diakono Fabrice Flandre, 47 taong gulang, Hainaut Manmin Church, Belgium

## "Gumaling ang Pamamaga ng Daliri Ko sa Loob Lang ng Tatlong Araw"

Noong Mayo 2015, namaga ang ibabang bahagi ng kanang hinlalaki ko. Pagkatapos ng isang buwan, hindi pa rin ito gumaling. Nagkaroon ng sugat sa ilalim ng kuko ko, kumapal at kumalat sa loob ng kuko. Malapit nang matanggal ang kuko, walang epekto ang kahit na anong gamot.

Bilang isang parmasiyotiko, nagtitimpla ako ng mga gamot at nagsusulat ng mga reseta. Nagdulot ng maraming problema ang pamamaga. Noong Hulyo, kumonsulta ako sa isang espesyalista ng mga sakit sa balat, sinabi niya na dapat akong tumanggap ng 'freezing treatment' sa loob ng anim na buwan o higit pa hanggang sa magkaroon ng panibagong balat. Wala akong naramdamang pananakit, pero hindi ko magamit ang kamay ko sa trabaho at sa mga gawain sa bahay. Hindi ako mapalagay, naguluhan ako.

Noong Agosto 2015, may kamangha-manghang bagay na nangyari sa akin noong araw na tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa retreat sa tag-init ng Manmin. May naramdaman ako sa ilalim ng kuko ko sa hinlalaki. Nagsimulang matanggal ang mga sugat. Sa loob ng dalawang araw, natanggal na itong lahat, walang iniwang marka. Dahil sa panalangin ni Dr. Lee, ganap ang paggaling ko sa loob ng tatlong araw. Hallelujah!



Diakonesa Hyeok Jeong, 51 taong gulang, Parokya 9, South Korea

## "Gumaling Ako Mula sa Paulit-ulit na Rhinitis"

Sampung taon na akong nagdurusa mula sa rhinitis. Palaging barado ang ilong ko kaya sa bibig ako humihinga. Parang nauubusan ako ng hininga kahit kumakain lang ako. Dahil palaging barado ang ilong ko, nahirapan din akong magsalita, pinagtatawanan ako ng mga kaibigan ko.

Marami na akong narinig na patotoo mula sa mga miyembro ng iglesya na gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ng Punong Pastor, pero binalewala ko ito. Kahit dumadalo ako sa iglesya, mas gusto kong sumama sa mga kaibigan ko, naglalaro kami. Hindi lumalago ang pananampalataya ko. Pero kahit ganito ako, pinagpapala pa rin ako ng Diyos.

Bago maganap ang retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2015, binigyan ng Diyos ang puso ko ng hangarin. Hinangad kong makadalo ng retreat. Ito na ang huling retreat na dadaluhan ko bilang estudyante ng high school. Gusto ko ring gumaling tulad ng ibang mananampalataya

Masaya akong nagboluntaryo; nauna akong pumunta sa retreat bilang miyembro ng grupong magbubuhat at maglilinis. Masaya kong ginampanan ang tungkulin ko

Noong Agosto 3, nang manalangin si Dr. Lee para sa mga maysakit, may nakakabiglang nangyari sa akin. Nang tanggapin ko ng may pananampalataya ang panalangin niya, may pumasok na malamig na simoy sa mga butas ng ilong ko. Nang sandaling iyon, nawala ang sipon ko, gumaling ako mula sa rhinitis. Hallelujah!




Kapatid Taewon Yoon, 19 taong gulang, ika-12 baitang, Paaralang pang-Linggo, South Korea

## "Nawala ang Bukol na Kasinlaki ng Kamao Dahil sa Makapangyarihang Panalangin"

Nakaramdam ako ng pananakit sa tagiliran apat na taon na ang nakaraan. Nagpa-ultrasound ako sa ospital. Sinabi ng doktor na mayroon akong bukol sa tabi ng atay ko. Sinabi din niya na ang ganitong klaseng bukol ay basta na lang lumiliit at nawawala. Sinabi din niyang gawin kong regular ang pagpapasuri para mabantayan ang bukol. Wala na akong naramdamang pananakit kaya binalewala ko na ang bukol. Noong Oktubre 2015, may naramdaman akong hindi pangkaraniwan. Noong Nobyembre, nasuring kasinlaki na ng kamao ang bukol tagiliran ko.

Naranasan ko na noon ang paggaling mula sa appendicitis dahil sa panalanging may panyo na dinalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Gusto ko ring mawala ang bukol ko. Pinakinggan ko ang mga mensahe ni Dr. Lee sa GCN (www.gcntv.org), sinabayan ko ang mga panalangin. Kapag nakakaramdam ako ng pananakit, tinatanggap ko ang panalangin para sa maysakit ilang beses sa isang araw sa Automated Response System.

Nagkaroon ng pamumula ang tiyan ko, parang may malakas na paggalaw sa loob. Pumunta ako sa banyo, maraming likido ang inilabas ko. Hallelujah! Kumportable na ako ngayon dahil wala na ang bukol, normal na ang tiyan ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpagaling sa akin sa pamamagitan ng makapangyarihang panalangin.



Diakonesa Byunghee Song, 83 taong gulang, Parokya 21, South Korea

## "Wow! Hindi na Ako Bulag, Nakakakita na Ako!"

Noong 17 taong gulang pa lang ako, nagaway-away kaming magkakaibigan. Hinampas ng bakal na tubo ang ulo ko ng isa sa kanila. Sa loob ng nakaraang sampung taon, unti-unting nawala ang paningin ng kaliwang mata ko. Hanggang sa mabulag na ako.


Sinabi ng doktor na ang dahilan ng pagkabulag ko ay may naputol na ugat sa mga mata ko. Sinabi pa niya na hindi ito pwedeng gamutin. Nagbitiw ako sa trabaho, dumaan ako sa matinding kalungkutan dahil hindi kumportable ang pakiramdam ko. Nagumon ako sa masasamang bisyo, paglalasing, pagsusugal, at paglilibang kasama ang iba't ibang babae.

Noong Abril 2010, niyaya ako ng anak kong babae, na nakapangasawa ng Koreano, na pumunta sa Korea. Doon na daw ako manirahan. Noong Setyembre 2010, dinala ako sa Manmin Central Church. Nakahanap din ako ng trabaho, mabigat na trabaho ang ginagawa ko dito kaya noong Nobyembre 2014, nagsimulang sumakit ang likod ko. Hindi nagtagal, naapektuhan na ang kanang binti ko, hindi na ako makagalaw nang maayos. Sinabi sa ospital na dapat akong maoperahan, pero noong Pebrero 2015, kinailangan kong bumalik sa Mongolia dahil wala ng bisa ang visa ko.


Magmula nang bumalik ako sa Mongolia, sa Mongolia Manmin Church ako dumadalo. Nagbabalik tanaw ako sa buhay ko tuwing pagsamba at pulong-panalanging Daniel. Idinalangin ko ang paggaling ko. Nagdesisyon ako na iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan mula sa puso ko. Ito ang natutuhan ko mula sa Salita ng Diyos. nag-ayuno at nanalangin ako tungkol dito.

Noong Oktubre 31, 2015, dumalo ako sa pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling na idinaos sa Mongolia Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Idinalangin ako ni Misyonero Potzorig Purub gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Naramdaman ko ang apoy ng Banal na Espiritu sa likod ko, pagkatapos, nawala na ang pananakit sa likuran at kanang binti ko. Malaya kong naigagalaw ito. Bukod dito, nakakakita na rin ang kaliwang mata ko. Hallelujah!

Nakakapagbasa na ako ng mga libro ngayon. Parang nananaginip lang ako, salamat sa Iyo, aking Diyos!



Bago idalangin
Kanan: 0.5/ Kaliwa: 0



Pagkatapos idalangin
Kanan: 1.0/ Kaliwa: 0.1



Kapatid Kekesuren, 59 taong gulang, Mongolia Manmin Church

## "Hindi Nasunog ang mga Tindahan Ko"

Ako at ang asawa ko ay matagal nang naghahanap ng salita ng buhay. Samantala, noong taong 2009, nagkataong napanood namin si Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church sa TBN Russia. Pinapakinggan na namin dati ang mga mensahe niya sa website na www.manmin.org. Tuwing Linggo, nakikibahagi kami sa pagsamba ng Manmin Central Church na sabayang ipinapalabas sa internet.

Habang lumalakad kami sa tamang daan sa pagnenegosyo at sumusunod sa Salita na nagsasabi sa amin ng mga bagay na dapat gawin, hindi dapat gawin, sundin, at iwaksi, tumatanggap kami ng maraming biyaya sa negosyo. Sa kasalukuyan, may ilang negosyo na kami sa Barabashawba Shopping Mall. Lumaki na rin ang aming ikapu. Noong Pebrero 2014, bumisita kami sa Manmin Central Church sa South Korea, dahil gusto naming magpasalamat. Nasiyahan at napuspos kami ng Banal na Espiritu doon. Kailan lang, nadama na naman namin ang dakilang pag-ibig ng Diyos.

Noong Nobyembre 14, 2015, nagkaroon ng napakalaking sunog sa loob ng shopping mall kung saan naroon ang mga tindahan namin. Dalawang malalaking gusali ang mall, gusali 1 at 2, may tulay na nagdudugtong ng dalawang gusaling ito. Napakalaki ng apoy, mabilis kumalat. Halos naabo ang gusali 2. Nasunog ang lahat ng 150 tindahan dito. Kumalat ang apoy papunta sa gusali 1 kung saan makikita ang mga tindahan namin. Napakabilis ng mga pangyayari, ni hindi namin naisip na tawagan ang iglesya sa Seoul. Nanalangin kami, "Diyos Ama, protektahan Mo po kami sa pamamagitan ng kapangyarihan pastol."

Pagkatapos, may nangyaring kamangha-mangha. Kahit mabilis ang pagkalat ng apoy, hindi nasunog ang mga tindahan ko. Walang nangyaring masama sa mga paninda. Hallelujah!

Dahil gusto ng Punong Pastor na mailayo ang mga miyembro mula sa kahirapan, karamdaman, at kapahamakan, naging ligtas kami sa Ukraine. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na bumago sa mga puso namin sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan, at dinala kami sa daan patungo sa mga biyaya.






Kapatid Anton Begu (40 taong gulang), at ang asawa niya, Kharkiv, Ukraine


## "Bumaliktad ang Kotse Ko, Ni Hindi Ako Nasaktan"

Noong Setyembre 21, 2015, nagmamaneho ako ng sasakyan, bigla akong nagpalit ng direksyon. Bumangga ako sa malaking trak, tumalsik ang kotse ko at bumaliktad! Lumabas ako mula sa loob ng kotse, dumaan ako sa basag na bintana. Sirang-sira ang sasakyan ko.

Pero ni hindi ako nasaktan at kung titingnan ang damit at sapatos ko, hindi halatang naaksidente ako. Lubos ang pagpapasalamat ko. Dinala ako ng ambulansya sa ospital para suriin, pero bago ang lahat, tinanggap ko na ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa Automated Response Service (822-830-5320). Normal ang resulta ng CT scan at MRI mula sa ulo ko hanggang sa paa.

Dahil sa aksidente, nagbalik-tanaw ako sa maligamgam na buhay ko bilang Cristiano. Natanto ko rin na ang paiba-ibang direksyon ko sa kalsada ay resulta ng pagiging makasarili ko, sarili ko lang ang iniisip ko. Hindi ko inisip ang kaligtasan ng ibang tao. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nag-ingat sa akin mula sa malaking aksidenteng ito, tinuruan Niya ako leksyon.





Kapatid Elijah Kim, 28 taong gulang, Daejon Manmin Church, South Korea

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714